Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/10

Mga sagot sa Baguhin ang Ayos ng Pangungusap

Panuto: Kung ang ayos ng pangungusap ay *karaniwan* o *tuwid*, baguhin ito para maging *di-karaniwan* o *kabalikan* ang ayos. Kung ang pangungusap ay may *di-karaniwan* na ayos, baguhin ito para maging *karaniwan* ang ayos. Isulat ang bagong pangungusap sa patlang.

1. Ang Bulkang Mayon ay matatagpuan sa lalawigan ng Albay.

   Matatagpuan sa lalawigan ng Albay ang Bulkang Mayon.

2. Nagbuga ng singaw, abo, at malalaking bato ang bulkan.

   Ang bulkan ay nagbuga ng singaw, abo, at malalaking bato.

3. Ang mga dayuhang umakyat sa bulkan ay naging mga biktima ng pagputok.

   Naging mga biktima ng pagputok ang mga dayuhang umakyat sa bulkan.

4. Ang mga batong ibinuga ng bulkan ay napakainit at nakakapaso.

   Napakainit at nakakapaso ang mga batong ibinuga ng bulkan.

5. Nasugatan at nagtamo ng mga paso ang mga dayuhang *mountain climbers*.

   Ang mga dayuhang mountain climbers ay nasugatan at nagtamo ng mga paso.

6. Ang mga Pilipinong sumaklolo sa mga dayuhan ay nasugatan din.

   Nasugatan din ang mga Pilipinong sumaklolo sa mga dayuhan.

7. Gumamit ng mga helikopter ang mga sundalong sumagip sa mga sugatan.

   Ang mga sundalong sumagip sa mga sugatan ay gumamit ng mga helikopter.

8. Ibinaba mula sa bulkan ang mga bangkay ng dalawang Aleman.

   Ang mga bangkay ng dalawang Aleman ay ibinaba mula sa bulkan.

9. Nagpasalamat sa mga sundalo ang opisyal ng embahada ng Thailand.

   Ang opisyal ng embahada ng Thailand ay nagpasalamat sa mga sundalo.

10. Ang pagbabawal sa pag-akyat ng bulkan ay nais na gawing permanente.

    Nais na gawing permanente ang pagbabawal sa pag-akyat ng bulkan.